Mga Bagay na Kadalasang Itinatanong Update sa Operasyon ng Long Beach Animal Care Services

Ano ang Long Beach Animal Care Services at ano ang ginagawa nila?

Ang Long Beach Animal Care Services (LBACS, Serbisyo ng Pangangalaga sa mga Hayop sa Long Beach) ay isang kawanihan sa loob ng Department of Parks, Recreation and Marine (Kagawaran ng mga Parke, Libangan, at Pandagat) ng City of Long Beach (Lungsod ng Long Beach) na nagbibigay ng mga serbisyo, programa, at mapagkukunan ng tulong para sa pagkontrol at pangangalaga ng mga hayop sa mga komunidad ng Long Beach, Los Alamitos, Cerritos, at Signal Hill. Sinusuportahan ng LBACS ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga hayop sa pamamagitan ng pagbibigay ng de-kalidad na pangangalaga sa humigit-kumulang 4,000 hayop taon-taon. Nakatutulong din ito upang mahanapan ng panghabambuhay na tahanan ang mga hayop sa pamamagitan ng pagpapaampon; noong 2024, nabigyan ng LBACS ng positibong kalagayan ang 2,159 na hayop na maaaring ampunin.

Ano na ang nangyayari sa partnership sa spcaLA?

Noong Pebrero 24, 2025, winakasan na ng City of Long Beach ang kasunduan nito sa Lease (Pagpapaupa) at Leaseback (Pagpapaupa Pagkatapos ng Bentahan) sa spcaLA, na tumapos sa isang partnership na tumagal nang 26 na taon. Kasabay nito, inanunsiyo ng Lungsod ang mga detalye kung paano nito pinaplanong pagandahin at palawakin ang operasyon sa kampus ng LBACS sa hinaharap upang makagawa ng matagalang mga benepisyo para sa mga hayop na napupunta sa pangangalaga ng Lungsod, at ang mga serbisyong ibinibigay ng LBACS sa Long Beach at sa iba pang mga komunidad na pinaglilingkuran sa lokalidad.

Bakit nakipagkontrata ang Lungsod sa spcaLA?

Unang nakipagkontrata ang Lungsod sa spcaLA noong 1998 upang matugunan ang napakataas na antas ng euthanasia (pagpatay upang tapusin ang pagdurusa) na dinanas ng Long Beach, pati na ng iba pang mga kanlungang munisipal, noong panahong iyon at upang tumulong na mabigyan ng positibong kalagayan ang mas marami pang hayop na ipinapasok sa pasilidad.

Ano ang kasunduan sa Lease at Leaseback?

Pagmamay-ari ng Lungsod ang lugar kung saan matatagpuan ang kampus ng LBACS. Alinsunod sa kasunduan, ipinaupa ng Lungsod ang lupa sa spcaLA para sa taunang halagang $120 bilang kapalit ng pagpapatayo at pagpapatakbo ng organisasyon ng isang makabagong primera klaseng kampus na naglalaan ng mga pasilidad para sa pagkontrol ng mga hayop, na pinamamahalaan ng LBACS, at ng isang ampunan, na pinangangasiwaan ng spcaLA. Sa ilalim ng kasunduang ito, nagkaroon ng pagkakaunawaan na magtutulungan ang dalawang organisasyon sa pagkamit sa kani-kanilang mga pangunahing layunin sa panahong iyon. Sa ilalim ng kasunduan, binabayaran ng Lungsod ang 50% ng gastos sa pagpapatakbo para sa buong kampus at mayroon itong karapatang makigamit sa mga karaniwang lugar sa kampus na ginagamit ng spcaLA.

Anong mga serbisyo ang naibigay ng spcaLA sa ngalan ng LBACS?

Ayon sa kasunduan sa Lease at Leaseback, mula noong 2001, naging tungkulin ng spcaLA ang pagsusubaybay sa operasyon ng ampunan ng mga hayop na matatagpuan sa kampus ng LBACS (7700 E. Spring St.) habang nakatuon naman ang Lungsod sa mga kritikal na isyu sa pagkontrol ng mga hayop, pagtanggap ng mga ligaw na hayop, at mga serbisyo ng pangangalaga para sa komunidad. Alinsunod sa kasunduan, naging tungkulin din ng spcaLA ang pangangalaga at pagmamantene sa nasasakupan ng kampus.

Bakit winakasan ng Lungsod ang partnership nito sa spcaLA?

Winakasan ang kasunduan sa Lease at Leaseback para sa ikabubuti ng mga hayop na nasa pangangalaga ng LBACS at ng mga komunidad na pinaglilingkuran ng Lungsod. Bagaman mayroon pang ibang nagpapatuloy na mga alalahanin at paglabag sa kontrata na humantong sa pagwawakas na ito, tatlo ang gustong tugunan ng Lungsod:

1. Sa paglipas ng panahon, nakontrol na ng spcaLA ang mahigit 50% ng kampus, kaya napilitan ang Lungsod na unti-unting bawasan ang isinasagawa nitong operasyon na nagdulot ng problema sa LBACS at ng negatibong

epekto sa pagpapatakbo nito dahil puno o punong-puno na ang kanlungan at naaapektuhan na ang kalusugan at kapakanan ng mga hayop na nasa kanlungan. Sa kasalukuyan, tinatayang 19% lang ng kampus ang naaakses ng Lungsod nang walang restriksiyon. Paulit-ulit na sinubukan ng Lungsod na tugunan ang mga alalahaning ito sa spcaLA, ngunit walang nangyari.

2. Nilabag ng spcaLA ang Seksiyon 6.16.190(J)(3) ng Long Beach Municipal Code (Kodigong Munisipal ng Long Beach) na nanghihingi ng mga ulat tungkol sa pag-aampon, paglilipat o pagbebenta ng mga hayop, kung saan ang huling ulat na naisumite sa Lungsod ay naganap noon pang Abril 1, 2020 o bago pa sumapit ang petsang ito. Ang mga ulat tungkol sa pag-aampon ng mga hayop ay isang hakbanging nagpapakita ng pananagutan na iniaatas ng Lungsod upang tiyaking mayroong maayos na pag-uulat at matapat na operasyon sa loob ng nasasakupan ng Lungsod. Hindi naisumite ng spcaLA ang mga ulat na ito sa loob ng halos limang taon, na iniaatas ng batas. Tumanggi rin silang magbigay ng anumang pananaw tungkol sa kanilang operasyon na nagdulot ng tuloy-tuloy na problema sa aming partnership.
3. Sa paglipas ng panahon, malaki ang ibinawas ng spcaLA sa bilang ng tinatanggap nilang mga hayop mula sa LBACS upang ipaampon. Bilang sanggunian, noong 2011, tumanggap sila ng 2,856 na hayop na ipaaampon at noong 2024, 76 lang ang tinanggap nila, kung saan mahigit 97% ang naging pagbaba. Dahil dito, napilitan ang LBACS na dagdagan ang pagsisikap nitong magpaampon ng mga hayop upang mabawasan ang pagsisiksikan sa kanlungan at iba pang sitwasyong may kinalaman sa kapakanan ng mga hayop habang itinutuloy pa rin ang pangangasiwa ng mga kritikal na serbisyo ng pagkontrol at pangangalaga ng mga hayop. Ayon sa kontrata, ang pagpapaampon ng mga hayop ang pangunahing tungkulin ng spcaLA.

Binawasan ba ng spcaLA ang pag-aampon nito ng mga hayop?

Mula noong 2011, binawasan ng spcaLA ang pagtanggap nito ng mga hayop mula sa LBACS na maaaring ipaampon nang mahigit 97%, kaya napilitan ang LBACS na sabay na pangasiwaan ang mga serbisyo ng pagkontrol at pangangalaga ng mga hayop at ang mga pagsisikap na magpaampon. Tingnan ang tsart sa ibaba para sa maihahambing na mga datos ng mas mababang bilang ng pagtangap ng spcaLA ng ipaaampong mga hayop mula sa LBACS mula noong 2010.



Sa itaas: Isinasaad sa bar graph ang ibinaba ng bilang ng ipaaampong hayop mula sa Long Beach Animal Care Services na tinanggap ng spcaLA (mapusyaw na asul). Kung paghahambingin, makikita sa graph ang pagdami ng positibong kalagayan, na tumutukoy sa bilang ng mga aso at pusa na maaaring ampunin at inampon ng mga miyembro ng komunidad mula sa pasilidad ng LBACS o inilipat sa mga organisasyong tagapagsagip upang maipaampon, na isinagawa ng Long Beach Animal Care Services mula noong 2010 (madilim na asul).

Gaano katagal ang bisa ng kasunduan sa Lease at Leaseback?

Bago ang pagwawakas, ang kasunduan sa Lease at Leaseback sa pagitan ng LBACS at spcaLA ay may bisa dapat hanggang Hulyo 1, 2053. Binuksan ang kampus sa publiko noong 2001.

Kailan tatapusin ng spcaLA ang operasyon nito sa kampus ng LBACS?

Bilang pagpapakita ng kabutihan, binibigyan ng Lungsod ang spcaLA ng hanggang 30 araw upang ilipat sa ibang lugar ang operasyon nito, sa halip na ipataw ang pamantayang legal na tatlong araw, bilang pagmamalasakit at para sa kaligtasan ng mga hayop na nasa pangangalaga ng spcaLA. Inabisuhan ang spcaLA noong Pebrero 24, 2025, at mayroon itong hanggang Marso 26, 2025 upang makalipat ng lugar.

Bakit ito nangyayari ngayon at ano ang iba pang hakbang na sinubukan bago wakasan ang Lease-Leaseback?

Maraming beses nang sinubukan ng Lungsod sa loob ng nakaraang ilang taon na tugunan ang mga partikular na paglabag at magpatupad ng pangwastong aksiyon, kasama na rito ang korespondensiyang legal sa pagitan ng Lungsod at spcaLA at mga pormal na kahilingan para sa pinagsasaluhang espasyo, ngunit walang nangyari.

Ano na ang mangyayari sa mga hayop na nasa pangangalaga ng spcaLA?

Ang mga hayop na nasa pangunahing ampunan ay nasa pananagutan ng spcaLA, kaya may awtoridad ang spcaLA na isama ang mga hayop sa kanilang paglipat. Titiyakin ng Lungsod na mapangangalagaan ang lahat ng hayop sa buong proseso ng paglipat na ito, na nasa pananagutan man ng spcaLA o ng Lungsod, at kikilos ito upang maipagpatuloy ang pagpapaampon at ilang partikular na programang nakatuon sa publiko.

Ang ibig sabihin ba nito ay isasara na ang ampunan at hindi na puwedeng mag-ampon sa kampus?

Hanggang sa kanilang takdang petsa ng paglipat sa Marso 26, ipagpapatuloy pa rin ng spcaLA ang pagsubaybay sa operasyon ng pangunahing ampunang matatagpuan sa kampus. Sa ngayon, hindi pa alam kung agarang ihihinto ng spcaLA ang kanilang operasyon sa ampunan o kung itutuloy nila ang operasyon hanggang sa takdang petsa ng paglipat. Nasa pananagutan ng spcaLA ang pagpapasyang iyon. Walang magiging pagbabago sa mga programa ng pagpapaampon ng Lungsod, na kasalukuyang nagpapaampon sa karamihan ng hayop sa Long Beach.

Ipagpapatuloy ng LBACS ang pagpapaampon sa kanilang pasilidad na matatagpuan sa kampus ding iyon (7700 E. Spring St.), na katabi ng ampunan ng spcaLA. Maaaring bisitahin ng mga parokyano ang harapan ng LBACS Animal Admissions (Tanggapan ng mga Hayop ng LBACS) tuwing Miyerkoles hanggang Biyernes, nang 10 a.m. hanggang 5 p.m., at Sabado at Linggo, nang 10 a.m. hanggang 3:30 p.m. Ipagpapatuloy rin ng LBACS ang pagpapaampon nito na ginaganap sa buong Long Beach at aktibo itong nakikipag-ugnayan sa mga organisasyong tagapagsagip upang mapabuti pa ang pagsisikap sa pagpapaampon, kasama na rito ang pagpapasali ng mga organisasyon upang masuportahan ang pagpapaampon nang in-house o sa mismong pasilidad at ang pagpaparami sa isinasagawang pagpapaampon sa iba't ibang panig ng komunidad. Idaragdag pa rin sa kalendaryo ng LBACS ang isinasagawang pagpapaampon at magbabahagi ng mas marami pang impormasyon sa ibang petsa sa hinaharap.

Ang ibig sabihin ba nito ay mas marami na ang tatanggaping hayop ng LBACS sa operasyon nito?

Hindi muna daragdagan ang mga hayop na tatanggapin ng LBACS sa ngayon ngunit umaasa ito na mangyayari iyon sa hinaharap. Kapag nabakante na ng spcaLA ang nasasakupan nitong lugar, pag-aaralan ng LBACS ang mga kondisyon ng nabakanteng espasyo at tutugunan ang anumang kinakailangang pagmamantene at pangangailangan sa pasilidad upang mapalawak nito ang operasyon sa kabuoan ng kampus. Kapag nagkaroon na ang LBACS ng akses sa buong kampus, una muna nitong pagtutuonan ang pagpapaganda sa kalidad ng pamumuhay ng mga hayop na nasa pangangalaga na namin sa pamamagitan ng paglilipat ng naroon nang mga aso at pusa sa mas malalaking espasyong matitirhan, kasama na rito ang mas malalaki at mas maluluwag na kennel para sa mga aso at pusa sa mga bukas na kuwartong mapagsasaluhan ng lahat, at paggawa ng maaayos na kuwartong medikal kung saan maihihiwalay ang maysakit na mga hayop, na mga opsiyong hindi nakakamit sa kasalukuyan dahil sa hindi patas na hatian sa espasyo.

Maaapektuhan ba ang mga serbisyo at programa ng LBACS dahil dito?

Ipinagmamalaki ng LBACS na ialok ang mahigit isang dosena nitong programa at serbisyo sa komunidad. Magpapatuloy nang normal ang mga serbisyo at operasyon, at hindi maaapektuhan ang halagang ginagastos sa mga serbisyo. Ibabahagi ng Lungsod ang impormasyon tungkol sa anumang epekto sa publiko sa hinaharap para sa darating na mga inisyatiba sa pagpapalawak ng kampus kapag napagpasyahan na ang mga detalyeng iyon sa ibang petsa sa hinaharap. Ang kompletong listahan ng mga programa at serbisyo na kasalukuyang iniaalok ng LBACS ay makikita sa longbeach.gov/acs.

Paano pangangasiwaan ng LBACS ang pagmamantene at pangangalaga sa karagdagang espasyo sa kampus

Pansamantalang gagamitin ng LBACS ang mga serbisyo ng pagmamantene mula sa Maintenance Operations Bureau (Kawanihan sa Operasyon ng Pagmamantene) ng Lungsod habang pinagsisikapan nitong matukoy ang mga planong pang-operasyon para sa katamtamang tagal ng panahon at pangmatagalang panahon. Maaaring kailangan ng karagdagang pondo at mga kawani upang masuportahan ang maraming nagpapatuloy na gastusing pang-operasyon gaya ng tumataas na taunang gastos sa utilidad at pagmamantene ng nasasakupang lugar, mga pagkain at suplay ng mga hayop, at pagpapaganda at pag-renovate sa mga bagong espasyo.

Ano ang iba pang pagbabagong pang-operasyon na isinasagawa para sa LBACS?

Sa pagpapatuloy ng LBACS, positibo ang pagtanaw nito sa hinaharap. Sa transisyong ito, gagawin ng LBACS ang sumusunod:

- Pagiginhawahin at higit na pagtutuonan ang kapakanan ng mga hayop na nasa kanlungan sa pamamagitan ng paglalaan ng mas malalaki at mas maraming bukas na kuwartong tirahan para sa mga aso at pusa, na magdudulot naman ng mas kalmado at mas palakaibigang ugali at magbibigay-daan sa mas malaking antas ng pag-ampon at mas mababang antas ng euthanasia.
- Babawasan ang mga sakit at isyu sa kalusugan sa kanlungan sa pagpapatupad ng maaayos na medikal na lugar kung saan maihihiwalay ang maysakit na mga hayop, upang mapaikli ang panahon ng pananatili at maparami ang mga hayop sa kanlungan na may positibong kalagayan.
- Magpapatupad ng mga partnership sa mga organisasyong tagapagsagip upang higit na masubaybayan at magtagumpay ang pagpapaampon sa pamamagitan ng pagpapasali ng mga partner upang masuportahan ang mga pagpapaampon sa mismong pasilidad, mapalawak ang pagpapaampon sa komunidad, at maipatupad ang iba pang mga serbisyo sa pangangalaga ng mga hayop sa kampus.
- Pagtitibayin ang partnership sa pagitan ng LBACS, mga partner na nonprofit, at komunidad sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga donasyon at suportang pinansiyal para sa mga inisyatiba sa kanlungan.
- Magpapatupad ng mura at maraming gamot at serbisyo ng pangangalagang medikal para sa mga alagang hayop sa pamamagitan ng pagpapatayo ng medikal na pasilidad para sa beterinaryong in-house o nagtatrabaho mismo sa pasilidad upang makapagbigay ng madaling maakses at abot-kayang opsiyon sa pangangalaga ng mga alagang hayop para sa mga miyembro ng komunidad at makapagtaguyod ng responsableng pagmamay-ari ng alagang hayop at mabawasan ang bilang ng tinatanggap sa ampunan.
- Babawasan ang labis na populasyon ng hayop sa pamamagitan ng pagpapatupad ng programa ng pagbitag, pagkapon, at pagsasauli sa mismong pasilidad kasama ng isang partner na organisasyon.
- Itutuloy ang pag-aalok sa publiko ng mga klase para sa pagsasanay ng mga aso, kasama na rito ang pagdaragdag ng libreng suporta sa pag-uugali ng mga aso sa pamamagitan ng isang partner na nonprofit.

Maaapektuhan ba ng transisyong ito ang badyet para sa operasyon ng kawanihan?

Inaasahang magreresulta ang transisyong ito sa paglaki ng umiiral na badyet ng kawanihan upang matugunan ang mga pangangailangan sa karagdagang espasyo at kapasidad. Pag-aaralan ang mga partikular na halaga bilang bahagi ng proseso sa badyet. Maaaring kailangan ng mga pondo upang makapagdagdag ng mga tagapag-asikaso ng mga hayop at isang full-time na in-house na pangkat na tagapagmantene at gagamitin para sa nagpapatuloy na gastusin sa operasyon gaya ng tumataas na taunang gastos sa utilidad at pagmamantene ng nasasakupang lugar, mga pagkain at suplay ng mga hayop, at pagpapaganda at pag-renovate ng mga bagong espasyo. Kasalukuyang pinatatakbo ang LBACS nang may 51 full-time na kawani at $7.8 milyong taunang badyet.

Ano ang modelo ng serbisyo na Compassion Saves?

Ang modelo ng serbisyo na Compassion Saves (Nakasasagip ang Malasakit) ay nakatuon sa pagprotekta sa mga hayop na nasa kanlungan sa pamamagitan ng pagbuo at pagtataguyod ng isang kapaligirang nagbibigay-alaga. Sa tulong ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa komunidad, malalapit na partnership sa mga organisasyong nagtataguyod sa kapakanan ng mga hayop, mga serbisyo ng edukasyon, panggabay, at pansuporta at mga makabagong programa, gumagawa ang LBACS ng matagalan at positibong epekto at nagtataguyod ng mas magandang kinabukasan para sa mga alagang hayop at mga hayop sa Long Beach.

Saan ako puwedeng makakuha ng iba pang kaalaman tungkol sa Long Beach Animal Care Services?

Marami pang impormasyon tungkol sa LBACS, kasama na rito ang iba't iba nitong serbisyo, programa at kaganapan, ang makikita sa llongbeach.gov/acs at sa pag-follow sa @lbanimalcare sa Facebook at Instagram.

Kanino ako puwedeng makipag-ugnayan kung may tanong ako?

Ang mga tanong mula sa mga miyembro ng komunidad ay maaaring i-email sa LBACSCommunications@longbeach.gov.Nakikisuyong maghintay muna ng lima hanggang pitong araw bago makatanggap ng sagot.

CITY OF LONG BEACH